## Alert.seattle.gov/earthquake [Alert.seattle.gov/lindol]

**Ang Mga Pangyayari**: Lumindol sa Seattle. Tinitiyak ng mga emergency responder ang kapinsalaan. Tumatakbo ang Emergency Operations Center at sinisikap ng Lungsod na ibalik ang mga serbisyo at iligtas at protektahan ang mga mamamayan nito.

**Ano ang dapat gawin**:

- Manatili sa kasalukuyang kinaroroonan at kamustahin ang mga tao sa inyong paligid. Alagaan ang mga taong maaaring nasugatan. Huwag dumaan sa mga kalye, freeway o tulay.
- Umasang magkakaroon ng mga aftershock. Kapag madama ninyong gumagalaw ang lupa, sumilong sa ilalim ng lamesa o humanap ng isang matibay na muwebles. Lumayo sa mga bintana. Yumukyok at sumandal sa isang panloob na pader.
- Huwag gumamit ng telepono at huwag tumawag sa 9-1-1 upang makakuha ng impormasyon. I-hang up ang anumang teleponong makita na hindi nailigpit. Napaka-busy ang mga phone system, subalit maaari pa kayong magpadala ng text message.
- Kunin ang inyong mga emergency supplies, kabilang ang mga flashlight at baterya. Maaaring lumipas ang ilang araw bago makabalik ang koryente sa inyong pamayanan. Maging handang magsarili sa mga susunod na ilang araw.
- Makipagtulungan upang manatiling ligtas ang lahat.  Makipagtulungan sa iba, pati sa inyong mga kapitbahay.
- Manatiling nakikinig sa radyo upang makuha ang pinakabagong impormasyon tungkol sa emerhensiya.
- ***Kung may kilala kayong hindi naiintindihan, nakikita o naririnig itong mensahe, mangyaring sabihin sa kanila ang impormasyong ito.***

**Mga link na makakatulong**:

http://www.seattle.gov/emergency-management/what-if/hazards/earthquake

http://www.seattle.gov/light/sysstat/

http://mil.wa.gov/emergency-management-division/hazards/earthquake

http://www.ready.gov/earthquakes